# Mahalaga ang Pagsusumite ng SBA Loan Application

**Release Date: Oktubre 10, 2022**

**TALLAHASSEE** – Puwedeng irekomenda ng FEMA ang mga nakaligtas sa Hurricane Ian sa U.S. Small Business Administration (SBA) sa pamamagitan ng impormasyon sa kung paano mag-a-apply para sa pautang para sa sakuna. Maaaring maging kwalipikado ang mga may-ari ng bahay, umuupa, may-ari ng negosyo at ilang partikular na nonprofit. Mahalagang magsumite ng aplikasyon sa pag-utang sa lalong madaling panahon.

Kapag naaprubahan ang iyong aplikasyon, hindi ka obligadong tanggapin ang isang utang sa SBA pero kung hindi mo ibabalik ang aplikasyon, puwede kang ma-disqualify sa iba pang posibleng pampinansyal na tulong mula sa FEMA at sa Estado ng Florida.

Ang mga pautang sa panahon ng sakuna ng SBA ang pinakamalaking pinagkukunan ng mga pondo sa pagbawi mula sa sakuna ng pederal para sa mga nakaligtas. Nag-aalok ang SBA ng mga pangmatagalan at mababang interes na pautang sa panahon ng sakuna sa mga negosyo anuman ang laki, pribadong nonprofit na organisasyon, may-ari ng bahay at umuupa.

Sinasaklawan ng pautang sa panahon ng sakuna ng SBA ang pinsala na hindi lubusang binabayaran ng insurance
o iba pang mapagdudulugan. Hindi dapat maghintay ang mga nakaligtas na mabayaran ng insurance bago magsumite ng aplikasyon sa pag-utang sa SBA. Maaaring matuklasan nilang kulang ang kanilang insurance para
sa mga deductible, labor at mga materyal na kailangan para sa pagkukumpuni o para palitan ang kanilang bahay.

Puwede kang mag-apply online gamit ang Electronic Loan Application (ELA) sa pamamagitan ng secure na website ng SBA sa disasterloanassistance.sba.gov/ o sa pagbisita sa Disaster Recovery Center. Puwedeng hilingin ang papel na aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa SBA Customer Service Center sa 800-659-2955. Kung ikaw ay bingi, hirap makarinig, o may kapansanan sa

pagsasalita, paki-dial ang 7-1-1 para ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay o magpadala ng email sa disastercustomerservice@sba.gov. Walang babayaran sa pag-apply para sa pautang sa panahon ng sakuna ng SBA.

Available ang mga espesyalista para sa pautang sa panahon ng sakuna ng SBA para makipag-usap sa mga may-ari ng bahay at umuupa sa lahat ng Florida Disaster Recovery Center, na bukas pitong araw sa isang linggo mula 9 a.m. hanggang 6 p.m.

Maaaring kwalipikado ang mga may-ari ng bahay para sa pautang para sa sakuna na hanggang $200,000 para sa pagpapakumpuning pang-istruktural o muling pagpapatayo ng pangunahing tirahan. Maaari ding makatulong ang SBA sa mga may-ari ng bahay at umuupa para sa hanggang $40,000 para mapalitan ang mahahalagang personal na pag-aari, kasama na ang mga napinsalang sasakyan o nawasak sa sakuna.